BEYOND KINGS AND KINGDOMS

# Pananatiling Matapat Kahit na Wala sa Ating Pamamahala ang Sitwasyon

WEEK 1

## WARM-UP

- Magkwento ng isang pagkakataong may sinubukan ka na bago para sa iyo at maganda ang naranasan mo.
- May pagkakataon bang kinailangan mong manindigan sa pinaniniwalaan mong tama? Ano ang nangyari?
- Naranasan mo na bang dumaan sa isang mahirap na sitwasyon na bunga ng kagagawan ng iba? Ano ang nangyari?

## WORD

[1]*Nang ikatlong taon ng paghahari ni Jehoyakim sa Juda, sinalakay ni Haring Nebucadnezar ng Babilonia at ng kanyang mga kawal ang Jerusalem.* [2]*Binihag niya si Haring Jehoyakim ayon sa kalooban ng Panginoon. Kinuha niya ang ilang mga kagamitan sa templo ng Diyos at dinala sa Babilonia. Inilagay niya ang mga ito sa taguan ng kayamanan doon sa templo ng kanyang diyos.* **DANIEL 1:1–2**

(Basahin din ang **DANIEL 1:3–21.**)

Bago pa man nakapasok ang mamamayan ng Israel sa lupang ipinangako sa kanila ng Diyos, binalaan na Niya sila na hindi sila maninirahan nang matagal sa lupaing ito kung hindi sila mananatiling matapat sa kanilang kasunduan sa Kanya. Ngunit, noong panahon ni Daniel, naging malayo sa Diyos ang puso ng mga tao dahil sa mga pinuno ng Judah. Dahil dito, pinahintulutan ng Diyos na matalo ng mga taga-Babilonia ang mga mamamayan ng Juda. Nilusob ng hukbo ni Nebucadnezar ang Jerusalem at dinala ang mga naninirahan dito sa kanilang bayan bilang mga bihag. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano nananatiling makapangyarihan ang Diyos sa iba't ibang sitwasyon at kung paano tumugon sa mga ito si Daniel at ang kanyang mga kaibigan.

## 1 Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay hindi nawalan ng pananampalataya sa Diyos kahit sa gitna ng paghihirap.

*[3]Nag-utos si Haring Nebucadnezar kay Ashpenaz na pinuno ng mga tauhan niya na pumili sa mga bihag na Israelita ng ilang kabataang mula sa angkan ng mga hari at angkan ng mararangal na pamilya. [4]Kinakailangan na ang mga ito ay gwapo, malusog, matalino, mabilis kumilos at madaling turuan para maging karapat-dapat maglingkod sa hari. Inutusan din niya si Ashpenaz na turuan sila ng wika at mga panitikan ng mga taga-Babilonia. . . . [8]Pero ipinasya ni Daniel na hindi siya kakain ng pagkain ng hari o iinom ng kanyang inumin para hindi siya marumihan. Kaya nakiusap siya kay Ashpenaz na huwag siyang bigyan ng pagkain at inuming iyon.* **DANIEL 1:3–4, 8**

Matapos ang pagkatalo ng Judah sa Babilonia, nagbigay si Haring Nebucadnezar ng mga tagubilin upang matutunan ng mga batang galing sa maharlikang pamilya ang mga pamamaraan ng Babilonia. Ang mga batang ito na may kasanayan ay dapat na makalimot sa kanilang pagkakakilanlan na maagdudulot ng pagkalimot sa kanilang kasunduan sa Diyos. Sa kabila ng kahirapang pinagdaraanan nila, hindi humina ang pananampalataya nila sa Diyos. Nananatili din silang totoo sa Diyos sa pamamagitan ng hindi pagkain ng mga pagkaing idineklara ng Diyos na marumi para sa kanila. Ano ang nais ng hari na gawin nila at paano tumugon dito si Daniel (Daniel 1:5–10)?

## 2 Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay nagtiwala sa kapangyarihan ng Diyos.

*[11]Dahil dito, sinabi ni Daniel sa itinalaga ni Ashpenaz na mangangalaga sa kanila, [12]"Subukan n'yo kaming pakainin lang ng gulay at painumin ng tubig sa loob ng sampung araw. [13]Pagkatapos, ihambing ninyo kami sa mga kabataang kumakain ng pagkain ng hari, at tingnan ninyo kung ano ang magiging resulta. At bahala na kayo kung ano ang gagawin ninyo sa amin."* **DANIEL 1:11–13**

Bilang bahagi ng kanilang pagsasanay, ang mga kabataang lalaki na may kasanayan ay dapat na kumain at uminon ng pagkain ng hari. Tumanggi si Daniel at ang kanyang mga kaibigan. Labag ito sa kanilang mga paniniwala at alam nila ang mga ipinag-uutos at ipinagbabawal ng Diyos. Kahit noong nalagay sa panganib ang kanilang buhay, nanindigan sila at nagtiwala na makakakalagpas din sila dito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Sa palagay mo, paano napalakas ng pagsubok na ito ang pananampalataya nila sa Diyos? Sa tingin mo, paano ito nakatulong upang maging mas handa sila para sa iba pang pagsubok na darating?

## 3 Ang kabutihan at karunungan ng Diyos ay natanggap ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan.

[17]*Binigyan ng Diyos ang apat na kabataang ito ng karunungan at pang-unawa, pati na ang kaalaman sa iba't ibang literatura. Bukod pa rito, binigyan ng Diyos si Daniel ng karunungan sa pagpapaliwanag ng kahulugan ng mga pangitain at mga panaginip. . . .* [20]*Sa lahat ng itinanong ng hari sa kanila, nakita niya na ang kanilang kaalaman ay sampung ulit na mas mahusay kaysa sa kaalaman ng mga salamangkero at engkantador sa buong kaharian niya.* **DANIEL 1:17, 20**

Biniyayaan ng Diyos si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ng pabor o kabutihan. Mas maayos ang hitsura nila kahit na kumakain lamang sila ng mga gulay at umiinom ng tubig. Nakatanggap din sila ng karunungan at kakayanan mula sa Diyos. Kinilala ng hari ang kanilang mga abilidad. Sa katunayan, sila ay sampung ulit na mas mahusay kaysa sa iba. Paano mo naranasan ang pabor o kabutihan at karunungan ng Diyos sa gitna na mga mahihirap na sitwasyon?

## APPLICATION

- Ano sa palagay mo ang naramdaman at naranasan ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan bilang mga bihag sa Babilonia? Sa palagay mo, saan sila humugot ng lakas at paninindigan, at ano ang natutunan mo sa kuwento?
- Naniniwala ka ba na makapangyarihan ang Diyos, at paano tayo dapat kumilos bilang tugon sa katotohanang ito?
- Paano mo maipapakita ang mapagmahal na katapatan ng Diyos sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong linggo?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang kapangyarihan sa iyong buhay at dahil hindi ka Niya iniwan sa mga panahong nahihirapan ka. Hilingin na ipakita Niya sa iyo kung nasaan Siya sa mga panahon ng paghihirap.
- Ipanalangin na tulungan ka ng Diyos na maintindihan ang mga pagsubok na kinakaharap mo, lalo na kung ang mga ito ay bunga ng ginawa ng ibang tao. Humingi ng biyaya upang mapatawad mo ang mga taong may maling ginawa sa iyo at upang maparangalan mo ang Diyos sa iyong buhay.
- Humingi sa Diyos ng mga pagkakataon upang maibahagi mo ang Kanyang kabutihan at kapangyarihan sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong linggo. Ipanalangin na maging bukas ang kanilang puso na tanggapin ang anumang ibabahagi mo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2015 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Esther Suson

victory.org.ph